Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay**
**na Tagapamanihala**

NOV 06 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**

**PANDIBISYONG PATNUBAY SA PAGHAHANDA NG MGA PAGSUSULIT SA FILIPINO**

Sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
OIC-Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Ang Sangay ng mga Paaralang Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum ay nagbalangkas ng Pandibisyong Patnubay sa Paghahanda ng mga Pagsusulit sa Filipino simula ngayong Panuruang Taon 2024-2025.

2. Pangunahing layunin ng patnubay na ito na magkaroon ng mungkahing gabay ang mga paaralan mula elementarya hanggang sekondarya sa paghahanda ng mga pampaaralang pagsusulit sa Filipino lalo na sa panahon ng mga markahang pagsusulit.

3. Kalakip nito ang sumusunod:
Kalakip Blg. 1: Ilang Mahahalagang Tagubilin sa Paghahanda ng mga Pagsusulit
Kalakip Blg. 2: Mungkahing Proseso sa Paghahanda ng mga Pagsusulit
Kalakip Blg. 3: Tseklist sa Pagwawasto ng mga Talahanayan ng Espesipikasyon
Kalakip Blg. 4: Tseklist sa Pagwawasto ng mga Pagsusulit sa Filipino
Kalakip Blg. 5: Buod ng mga Pagsusuri, Komento, at Rekomendasyon

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.

**VIOLETA M. GONZALES**
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Nanunungkulang Opisyal
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

ASSESSMENT CURRICULUM LEARNING AREA, FILIPINO

JABC / Pandibisyong Patnubay sa Paghahanda ng mga Pagsusulit sa Filipino
423 Nobyembre 4, 2024

UN-2024-423

(Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. __________, s. 2024)

**ILANG MAHAHALAGANG TAGUBILIN SA PAGHAHANDA NG MGA PAGSUSULIT SA FILIPINO**

Panuruang Taon 2024-2025

1. Sa paghahanda ng Talahanayan ng Espesipikasyon (TOS), tiyaking nagmula sa Gabay Pangkurikulum ng Filipino ang mga kasanayan/ layuning pampagkatuto upang magawang masukat at masubaybayan ng mga guro ang mga natamong kasanayan ng mga mag-aaral batay sa itinatadhanan ng kasalukuyang kurikulum sa Filipino.

2. Ang *Most Essential Learning Competencies* (MELCs) ang pa rin ang gagamitin ng mga baitang na hindi pa nagpapatupad ng MATATAG Kurikulum gaya ng Baitang 2, 3, 5, 6, 8, 9, 10, 11, at 12. Para naman sa Baitang 1, 4, at 7, sa MATATAG Kurikulum na magmumula ang mga kasanayan. Sangguniin ang DepEd Order No. 12, s. 2024 *Amendment to DepEd Order No. 10, s. 2024 (Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum)* para sa iskedyul ng pagpapatupad ng MATATAG Kurikulum para sa ibang baitang.

3. Ang mga kasanayan/ layuning pampagkatuto ay maaaring i-*unpack* o himayin sa maliliit nitong bahagi kung lubhang malawak ang sakop na sinusukat na kasanayan (para sa sekondarya). Maaari ding ihanay o i-cluster ang mga kasanayan kung magkakaugnay ang mga kasanayan (para sa elementarya).

4. Pagpasyahan ng mga gurong maghahanda/ magsusuri ng TOS ang bilang ng aytem (ikompyut ang katumbas na bahagdan nito) at ang magiging kalalagyan o pagkakasunod-sunod ng mga aytem/ kasanayang susukatin. Maaaring simulan sa madadaling kasanayan patungo sa mahihirap na kasanayan.

5. Pag-isipang mabuti kung saan nabibilang na antas ng kasanayan ang mga kasanayan/ layuning pampagkatuto batay sa itinatadhana ng *Revised Bloom's Taxonomy of Behavioral Objectives.*

6. Sa panahon ng pagbuo/ pagsulat ng mga aytem ng pagsusulit, tiyaking nasusunod nito ang itinatakda sa Talahanayan ng Espesipikasyon (TOS) gaya ng (a) mga susukating kasanayan; (b) bilang ng aytem; (c) kinalalagyan ng aytem at; (d) antas ng kasanayan.

7. Suriing mabuti ang bawat aytem kung may maling konseptong ipinaparating sa mambabasa lalo na kung may paglabag sa *Social Content Guidelines* ng Kagawaran ng Edukasyon. Iwasto ito kaagad at tiyaking naitama ang mga ito sa pinal na kopya ng pagsusulit bago paramihin.

8. Iminumungkahing gamiting gabay sa pagsusuri ng Talahanayan ng Espesipikasyon at mga markahang pagsusulit ang mga tseklist maging ang Buod ng mga Pagsusuri, Komento, at Rekomendasyon na kalakip ng Memorandum na ito.

9. Isaalang-alang ang mga teknikal na espesipikasyon gaya ng sumusunod:

| ***Baitang*** | ***Font Style*** | ***Font Size*** | ***Blg. ng Aytem*** | ***Sukat ng Papel & Margin*** |
|---|---|---|---|---|
| 1-2 | Century Gothic *(Arial ang gagamitin sa tandang pananong.)* | 14 | 30 | Long (8.5 x 13) Narrow |
| 3 | Century Gothic *(Arial ang gagamitin sa tandang pananong.)* | 14 | 40 | Long (8.5 x 13) Narrow |
| 4 | Bookman Old Style | 11/12 | 40 | Long (8.5 x 13) Narrow |
| 5-12 | Bookman Old Style | 11/12 | 50 | Long (8.5 x 13) Narrow |

10. Tiyaking tugma ang letra ng wastong sagot sa bawat aytem sa inihandang Susi sa Pagwawasto bago ipamahagi ang kopya nito.

11. Sa isyu ng wastong ispeling ng mga salita sa Filipino, maaaring sangguniin ang mga kaugnay na Kautusang Pangkagawaran ng DepEd o sanggunian mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) gaya ng sumusunod:

    a. Kautusang Pangkagawaran Blg. 34, s. 2013 (14 Agosto 2013). Ortograpiyang Pambansa;

    b. Memorandum Pangkagawaran Blg. 74, s. 2022 (26 Augosto 2022). Kapasiyahan ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Pagpapatigil ng Paggamit ng Filipinas at Pagbawi sa Pinagtibay na Kapasiyahan Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 13-19 Serye ng 2013; at

    c. KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (2014);

    d. Patnubay sa Korespondensiya Opisyal; at


    e. At iba pang mapagkakatiwalaang sangguniang aklat/ babasahin na tumutugma sa wastong paggamit ng mga salita at batay sa mga tanggap na panuntunan sa paggamit ng wikang Filipino.

12. Maaaring magbalangkas ang mga paaralan ng pinaunlad na patnubay sa paghahanda ng mga pagsusulit sa Filipino upang mas umangkop sa konteksto ng mga paaralan sa patnubay ng mga punong-guro.

(Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pansangay Blg. __________, s. 2024)

**MUNGKAHING PROSESO SA PAGHAHANDA NG MGA PAGSUSULIT SA FILIPINO**

Panuruang Taon 2024-2025




**Tala:** Maaaring magpadala ng kopya (hard/ soft copy) ang mga paaralan sa SDO upang humiling ng Technical Assistance ukol sa paghahanda ng mga pagsusulit.

(Kalakip Blg. 3 sa Memorandum Pansangay Blg. __________, s. 2024)

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**TSEKLIST SA PAGWAWASTO NG MGA TALAHANAYAN NG ESPESIPIKASYON (TOS) SA FILIPINO**
Panuruang Taon ________________________

Paaralan: _________________________ Baitang: ______________ Markahan: ____________________

Panuto: Lagyan ng tsek ( √ ) ang angkop na kolum na tumutugon sa iyong pagsusuri sa TOS.

| Blg. | Mga Pamantayan | Malinaw na Namasid | Bahagyang Namasid | Hindi Namasid |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nagmula sa Gabay Pangkurikulum ng Filipino ang mga nakatalang kasanayang pampagkatuto sa TOS. | | | |
| 2 | Nakatala nang malinaw at may lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga susukating kasanayang pampagkatuto sa TOS (maging ang mga Sub-Domeyn sa MATATAG Kurikulum). | | | |
| 3 | Nakapaglaan ng sapat na bilang ng aytem at ang katumbas na bahagdan nito batay sa taglay na bigat/ sakop ng sinusukat na kasanayan. | | | |
| 4 | Naihanay nang maayos ang mga target na kalalagyan ng mga aytem batay sa nakalaang bilang ng mga aytem. | | | |
| 5 | Natukoy ang wastong antas ng kasanayang susukatin batay sa *Revised Bloom's Taxonomy of Behavioral Objectives.* | | | |

| ***Iba pang komento/ rekomendasyon:*** | ***Pangkalahatang Pasya:*** |
|---|---|
| | ☐ Pumasa sa lahat ng pamantayan ang TOS.<br>☐ Kailangan ng ilang pagsasaayos sa TOS<br>☐ Isaayos ang buong TOS. |

______________________________
Naghanda ng TOS

______________________________
Nagsuri sa TOS

(Kalakip Blg. 4 sa Memorandum Pansangay Blg. _________, s. 2024)

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**TSEKLIST SA PAGWAWASTO NG MGA PAGSUSULIT SA FILIPINO**
Panuruang Taon ______________________

Paaralan: ________________________ Baitang: _____________ Markahan: __________________

Panuto: Lagyan ng tsek ( √ ) ang angkop na kolum na tumutugon sa iyong pagsusuri sa pagsusulit.

| Blg. | Mga Pamantayan | Malinaw na Namasid | Bahagyang Namasid | Hindi Namasid |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Sinusukat ng bawat aytem ng pagsusulit ang mga kasanayang pampagkatutong nakatala sa TOS. | | | |
| 2 | Ang mga aytem ng pagsusulit ay tumutugma sa kinakailangang antas ng kasanayan *(Revised Bloom's Taxonomy).* | | | |
| 3 | Tumutugma ang bilang ng mga aytem ng pagsusulit sa bilang na nakasaad sa TOS. | | | |
| 4 | Angkop ang ginamit na anyo ng pagsusulit (Hal. Maraming Pagpipilian) sa sinusukat na kasanayan at may rubrik kung *performance* ang aytem/ kasanayan. | | | |
| 5 | Malinaw at maikli ang mga panuto/ paraan ng pagsagot sa pagsusulit. | | | |
| 6 | May iisang tamang sagot lamang sa bawat aytem./ Nasusukat ang pagsusulit gamit ng rubrik (kung *performance*). | | | |
| 7 | Nakasusunod ang pagsusulit sa teknikal na espesipikasyon ng baitang batay sa: 7.1 *Font style* | | | |
| | 7.2 *Font size* | | | |
| | 7.3 Layout *(margin, orientation,* sukat ng papel, *columns)* | | | |
| | 7.4 Pagkakasunod-sunod ng bilang ng mga aytem | | | |
| | 7.5 Iba pa: (Hal. kulay, laki at kaangkupan ng larawan) | | | |
| 8 | Naaayon ang pagsusulit sa *social content guidelines* (uri, kasarian, edad, etnisidad, relihiyon, antas ng paumuhay, diaspora, PWD, at iba pa) at wasto ang nakapaloob na konsepto sa pagsusulit. | | | |
| 9 | Naaangkop at wasto ang paggamit ng mga salita para sa tiyak na baitang, gramatika, ispeling, at mga bantas. | | | |
| 10 | Tumutugma ang mga aytem ng pagsusulit sa Susi sa Pagwawasto. | | | |

| ***Iba pang komento/ rekomendasyon:*** | ***Pangkalahatang Pasya:*** |
|---|---|
| | ☐ Pumasa sa lahat ng pamantayan.<br>☐ Kailangan ng ilang pagsasaayos.<br>☐ Isulat muli ang buong pagsusulit. |

_________________________ Naghanda ng Pagsusulit

_________________________ Nagsuri sa Pagsusulit

(Kalakip Blg. 5.1 sa Memorandum Pansangay Blg. __________, s. 2024)

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**BUOD NG MGA PAGSUSURI, KOMENTO, AT REKOMENDASYON**
**Talahanayan ng Espesipikasyon**

_____ Unang Markahang Pagsusulit
_____ Ikalawang Markahang Pagsusulit
_____ Ikatlong Markahang Pagsusulit
_____ Ikaapat na Markahang Pagsusulit

Paaralan: ____________________ Baitang: ____________ Petsa: ____________________

Panuto: Isulat sa talahanayan ang iyong mga pagsusuri, komento, at rekomendasyon sa **Talahanayan ng Espesipikasyon**.

| **Kasanayan Blg.** | **Mga Pagsusuri/ Komento/ Pansin** | **Mga Rekomendasyon/ Mungkahing Pagsasaayos** |
|---|---|---|
| Hal: Kasanayan Blg. 1 | Hindi angkop ang klasipikasyon ng kasanayan batay sa wastong antas nito. | Tukuyin ang angkop na antas ng kasanayan batay sa Revised Bloom's Taxonomy. |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

_________________________
Naghanda ng TOS

_________________________
Nagsuri sa TOS

(Kalakip Blg. 5.2 sa Memorandum Pansangay Blg. __________, s. 2024)

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

## BUOD NG MGA PAGSUSURI, KOMENTO, AT REKOMENDASYON
## Markahang Pagsusulit sa Filipino

_____ Unang Markahang Pagsusulit
_____ Ikalawang Markahang Pagsusulit
_____ Ikatlong Markahang Pagsusulit
_____ Ikaapat na Markahang Pagsusulit

Paaralan: ______________________ Baitang: ____________ Petsa: ______________________

Panuto: Isulat sa talahanayan ang iyong mga pagsusuri, komento, at rekomendasyon sa **Markahang Pagsusulit sa Filipino.**

| Aytem Blg. | Mga Pagsusuri/ Komento/ Pansin | Mga Rekomendasyon/ Mungkahing Pagsasaayos |
|---|---|---|
| Hal: Aytem Blg. 1-5 | May kahabaan ang panuto para sa mga aytem na ito.<br><br>Maliliit na letra ang ginamit sa mga pagpipilian. | Gawing maikli at simple ang panuto.<br><br>Gawing malalaki ang letra ng mga opisyon. |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

_________________________
Naghanda ng Pagsusulit

_________________________
Nagsuri sa Pagsusulit